# Mga Instruksiyon para sa Pansamantalang Utos ng Proteksyon at Abiso sa Pagdinig, PO 030

**Kung pinirmahan ng hukom, ang utos na ito ay:**

- Magsasabi sa Pinipigilang Tao kung anong paggawi ang hindi pinapayagan at kung ano pang ibang utos ang dapat niyang sundin;
- Magtatakda ng petsa para sa buong pagdinig.

## Sumangguni sa klerk ng korte bago punan ang utos.

*Sa ilang korte, pupunan ng hukom ang utos na ito. Sa ibang korte naman, inaasahan kang punan ang utos. Mangyaring sumangguni sa klerk ng korte.*

- Kung inaasahan kang punan ang form na ito, sundin ang mga instruksiyon sa ibaba.
- Maaaring makatulong na magtanong sa klerk ng korte para sa mga serbisyo ng abogado para tulungan kang punan ang form na ito.

## Ihahain ng klerk ang orihinal na utos sa pampublikong rekord ng korte at ipamamahagi ang kopya para:

- Sa Iyo (mga libreng sertipikadong kopya).
- Tagapagpatupad ng batas, upang ilagay sa pambuong estadong database.
- Pagsisilbi sa nasasakdal at taong pinipigilan.

## I-print nang Malinaw! Gumamit lang ng Itim o Asul na Tinta.

## Kahon ng kapsiyon (sa ibabaw ng linya):

- Punan ang korte (Pandistrito o Nakatataas) at pangalan ng county kung saan mo isinusumite ang petisyon.
- Punan ang iyong pangalan (unang pangalan, inisyal ng panggitnang apelyido, apelyido) bilang Petisyonaryo, at ilagay ang iyong petsa ng kapanganakan kung saan sinasabing "DOB". Kung nagsusumite ka sa ngalan ng isang menor de edad, punan ang iyong pangalan at ipahiwatig ang sa ngalan ng (on behalf of) bilang “OBO” ng “Menor de Edad”, at saka ilagay ang pangalan ng menor de edad. Ang petsang inilagay sa “DOB” ay ang petsa ng kapanganakan ng menor de edad. (Halimbawa: Jane Doe OBO Menor de edad, Mary Jane Doe (01/01/2010)).
- Tutukuyin bilang "Nasasakdal" ang tao na mula sa kaniya ay gusto mong maprotektahan. Punan ang pangalan ng Nasasakdal (unang pangalan, inisyal ng panggitnang apelyido, apelyido) at petsa ng kapanganakan. Kung hindi mo alam ang petsa ng kapanganakan, ilagay ang edad ng Nasasakdal. Kung hindi mo alam ang impormasyong ito, iwan itong blangko. Kung menor de edad ang partido na siyang dahilan kaya gusto mo ng proteksyon, ilagay ang pangalan ng kaniyang magulang o tagapag-alaga, ipahiwatig ang sa ngalan ng bilang "OBO" ng "Menor de Edad", at ilagay ang kaniyang unang pangalan at apelyido sa seksyong ito. (Halimbawa: John Doe OBO Menor de Edad, Jimmy Doe (10/18/2011)).
- Lagyan ng tsek ang kahon sa tabi ng uri ng utos ng proteksyon na hinahangad mo.

## Susunod na Pagdinig

Iwang blangko ang linyang ito. Isusulat ng hukom o klerk ng korte ang petsa, oras, at lugar ng susunod na pagdinig:

- Dapat kang dumalo sa pagdinig na ito bago ipagpatuloy ang proteksyon na lampas sa pansamantalang utos na ito.
- Kung hindi ka dadalo sa pagdinig na ito, ipapawalang-saysay ng korte ang petisyon at hindi ka magkakaroon ng utos ng proteksyon.
- Kung ang nasasakdal ay hindi pumunta sa pagdinig at siya ay nasilbihan, maaari pa ring ipagkaloob ng korte ang utos ng proteksyon. Kung hindi magpupunta ang Nasasakdal sa pagdinig at HINDI siya nasilbihan, babaguhin ng korte ang iskedyul para magbigay ng mas maraming panahon upang makapagsilbi sa Nasasakdal. Kung gayon nga, palalawigin ang pansamantalang utos ng proteksyon hanggang sa susunod na buong pagdinig.

## Mga May Bilang na Seksyon

### 1. Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa

Walang kailangang punan dito.

### 2. Mga Pagpigil mula sa Utos at Mga Pagkakakilanlang Katangian ng Pinipigilang Tao

- Punan ang pangalan ng tao na laban sa kaniya ay gusto mo ng proteksyon. Ito ang "taong pinipigilan". Kung gumagamit siya ng mga alyas, o iba pang pangalan, itala ang mga iyon.
- Ilarawan ang pisikal na anyo ng taong pinipigilan: kasarian, lahi, taas, timbang, kulay ng buhok, at kulay ng mata.
- Itala ang anumang kapansin-pansing katangian ng taong pinipigilan, gaya ng mga nunal, peklat o tatu.
- Lagyan ng tsek ang kahon para ipakita kung may access sa mga armas ang taong pinipigilan.

### 3. Pinoprotektahang Partido at Mga Pangalan ng Mga Menor de Edad

- Punan ang pangalan ng taong gusto ng proteksyon. Ito ang "pinoprotektahang tao".
- **Kung walang sangkot na menor de edad**, lagyan ng tsek ang kahong “Walang Sangkot na Menor de Edad.”
- **Kung sangkot ang mga menor de edad**, itala ang pangalan at edad ng bawat batang sangkot sa kasong ito.
- Kung may mga tanong ka tungkol sa kaligtasan ng iyong mga anak, humingi ng mga mapagkukunan sa abogado para sa tulong upang punan ang seksyong ito.

### 4. Pagdinig na Ex Parte

- Iwan itong blangko. Pupunan ito ng korte.

## 5. Batayan

- Walang kailangang punan dito.

## 6. Hurisdiksyon

- Kung sangkot ang menor de edad na mga bata, lagyan ng tsek ang naaangkop na kahon:
    - Ang "eksklusibong nagpapatuloy na hurisdiksyon" ay nangangahulugang ang menor de edad ay may mahalagang kaugnayan sa estadong ito, at wala nang iba pang estado ang nagkaloob ng utos na nakakaapekto sa mga/menor de edad.
    - Ang "tahanang estado" ay nangangahulugang patuloy na tumira ang mga/menor na edad sa estadong ito sa loob ng 6 na buwan bago magsimula ang paglilitis na ito. Kung wala pang 6 na buwang gulang ang menor de edad, ang estadong ito ang tahanang estado kung dito ipinanganak ang bata at tumira dito kasama ang magulang o taong tumatayong magulang.
    - Ang "pansamantalang pang-emergency na hurisdiksyon" ay nangangahulugang sa estadong ito inabandona, o dinala para maprotektahan ang menor de edad, o kapatid o magulang ng menor de edad, na nakakaranas o pinagbabantaan ng pang-aabuso.
- Kung hindi mo anak ang sinuman sa mga menor de edad, lagyan ng tsek ang kahong ito at kumpletuhin ang *PO 030A Kalakip A Di-Magulang (ICWA)*.
    - Iniaatas ng Indian Child Welfare Act (Batas sa Kapakanan ng Batang Indian, ICWA) sa korte na tukuyin kung ang menor de edad na bata ba ay isang Native American at nakarehistro, o karapat-dapat na maipatala, bilang miyembro ng pederal na kinikilalang tribo.
    - Ikaw ay **inaatasang** kumpletuhin ang Kalakip A kung:
        - Isinusumite mo ang proteksyong ito sa ngalan ng menor de edad **AT** hindi ang magulang, legal na tagapag-alaga, o custodian ng menor de edad;
        - Mayroon kang dahilan upang malaman o paniwalaan na ang bata ay may pinagmulang angkan na Native American; **AT**
        - Ang bata o isa sa mga magulang ay nakatala sa isang pederal na kinikilalang tribo, o tumira, o nakatira nga, sa lupain ng pederal na kinikilalang tribo.
- Kung totoo ang alinman sa itaas, dapat mo ring bigyan ng abiso ang pederal na kinikilalang tribo ng bata/mga bata bago maganap ang buong pagdinig.

## 7. Iba pang Kapasiyahan

Iwan itong blangko. Pupunan ito ng korte, kung kinakailangan.

## 8. Mga Probisyon sa Proteksyon

- Lagyan ng tsek ang parehong mga kahon na nilagyan mo ng tsek sa Petisyon.
- Sa bawat probisyon, tiyaking tinukoy mo ang mga tao at lugar na gusto mong maprotektahan.
- **Tandaan**: May karapatan kang panatilihing kompidensyal ang address ng iyong tirahan. Hindi mo iyon kailangang isulat sa form na ito.

## 9. Tulong ng Tagapagpatupad ng Batas

- Lagyan ng tsek ang parehong mga kahon na nilagyan mo ng tsek sa Petisyon.

## 10. Washington Crime Information Center (Sentro para sa Impormasyon ng Krimen sa Washington, WACIC) at Iba pang Paglalagay ng Impormasyon

- Kung kompidensyal ang iyong address, ilagay ang lungsod o county kung saan ka nagsusumite. O kaya naman, puwede mong ilagay ang lungsod o county kung saan ka nakatira.
- Piliin ang isa sa mga kahon sa ibaba na pinakamahusay na nagpapahiwatig kung aling ahensya na tagapagpatupad ng batas ang nasa lungsod o county na itinala mo sa itaas. Halimbawa: Ang mga residente sa ilang bahagi ng King County ay nakatira sa unincorporated na lugar kung saan may hurisdiksyon ang Opisina ng Sheriff sa halip na sa incorporated na lugar kung saan may hurisdiksyon ang departamento ng pulis sa lungsod.

## 11. Serbisyo o Pagsisilbi

- Lagyan ng tsek ang "**Kinakailangan.**" Kung ang tagapagpatupad ng batas ang magsisilbi, lagyan ng tsek ang kahong iyon at punan ang county o lungsod.
- Kung gagawa ka ng mga pribadong kaayusan upang magsilbi sa taong pinipigilan, lagyan ng tsek ang kahong iyon.
- Kung humiling ka ng alternatibong pagsisilbi, lalagyan ng tsek ng korte ang kahong ito.
- Kung magpupunta ang taong pinipigilan, lalagyan ng tsek ng korte ang "Hindi kinakailangan."

## 12. Pagsisilbi sa Iba (Mahinang adulto o Taong Pinipigilan na wala pang 18 taong gulang)

- Laktawan ang seksyong ito maliban kung nagsusumite ka sa ngalan ng mahinang adulto, ang taong pinipigilan ay wala pang 18 taong gulang, o ang taong pinipigilan ay may legal na tagapag-alaga.
- Lagyan ng tsek ang kahon na wastong tumutukoy sa partido na gusto mong pagsisilbi at isulat ang kanilang pangalan sa linya.
- Lagyan ng tsek ang kahon na wastong tumutukoy sa kung sino ang dapat gumawa ng pagsisilbi. **TANDAAN:** Kung sangkot sa iyong sitwasyon ang pagsuko sa armas, pagpapaalis sa pinagsasaluhang tirahan, paglilipat ng kustodiya sa bata, o kung nakakulong ang taong pinipigilan, ang tagapagpatupad ng batas ang **dapat** gumawa ng pagsisilbi.
    - Isulat ang county o lungsod kung saan nakatira ang Nasasakdal, at alamin ang ahensya na gagawa ng pagsisilbi. Kung hindi ka sigurado, iwang blangko at ipaalam sa korte.

## 13. Iba pang Utos

- Iwang blangko dahil dito isusulat ng korte ang anumang dagdag na utos na sa tingin nito ay angkop.

## Kung Paano Dadalo sa Susunod na Pagdinig

Iwang blangko ang seksyong ito. Kukumpletuhin ito ng korte kung ipagkakaloob nito ang pansamantalang utos.

## Pirmahan ang form

- Pupunan ng hukom ang petsa at oras kung kailan ipinagkaloob ang utos at pipirmahan niya ng kaniyang pangalan.
- Pumirma sa ibaba ng form kung saan sinasabing "Pirma ng Petisyonaryo/Abogado". Kung ikaw ay kinakatawan ng isang abogado, pipirma siya dito.

## Kalakip A *(kung naaangkop)*

## 14. Relasyon sa mga Bata ng Partidong Nagsusumite

Lagyan ng tsek ang naaangkop na kahon at punan ang mga/pangalan ng mga/bata.

## 15. Indian Child Welfare Acts

Iwan itong blangko. Pupunan ito ng korte.

## Pagpapatupad ng Batas at Kompidensyal na Impormasyon (Law Enforcement and Confidential Information, LECIF)

Dapat mong kumpletuhin ang *Pagpapatupad ng Batas at Kompidensyal na Impormasyon (Law Enforcement and Confidential Information, LECIF)*, form PO 003. Kompidensyal ang form na ito, at hindi ito mapupunta sa pampublikong file ng korte at hindi ito ihahain sa Nasasakdal.

- Ginagamit ito ng Tagapagpatupad ng Batas para hanapin at kilalanin ang Nasasakdal kapag isinilbi ang mga dokumento.
- Ginagamit din ito ng Tagapagpatupad ng Batas kapag inilalagay ang utos sa pambuong estadong data base.

Lagyan ng tsek ang kahon sa pahina 2 tungkol sa mga kapansanan o suliranin sa kalusugan kung taglay ng Nasasakdal ang alinman sa nakatalang kondisyon. Nakakatulong ang impormasyong ito sa Tagapagpatupad ng Batas kapag inihain ang mga dokumento. Halimbawa:

"Ang Nasasakdal ay mayroong brain injury. Kapag minadali ang nasasakdal, maaari siyang manigas at maaaring hindi siya makatugon agad, o maaari siyang maging agresibo sa pananalita. Ipaalala sa nasasakdal na tumawag sa isang kaibigan."

"Ang Nasasakdal ay may epilepsy at diabetes at maaaring mag-seizure kapag nai-stress. Hindi maganda ang nagiging tugon ng Nasasakdal kapag minamadali at kakailanganin niya ng oras para kumuha ng mga gamot at suplay."

Kung alam mong may mga baril o iba pang mapanganib na armas ang Nasasakdal, siguruhing tinukoy mo nang eksakto ang mga uri at kung ilan ito.

### Impormasyon sa Traumatic Brain Injury:

Hinihimok ang tagapagpatupad ng batas na tumutugon sa anumang insidente ng karahasan sa tahanan na ipaalam sa mga biktima ang tungkol sa pambuong estadong website na naglalaman ng impormasyon tungkol sa traumatic brain injury.

https://www.doh.wa.gov/YouandYourFamily/InjuryandViolencePrevention/TraumaticBrainInjuries at https://www.dshs.wa.gov/altsa/traumatic-brain-injury/traumatic-brain-injury-advisory-council

### Magparehistro para sa mga Awtomatikong Abiso tungkol sa iyong Utos ng Proteksyon:

Pagkatapos magbigay ang korte ng pansamantala o buong utos para sa proteksyon, puwede kang magparehistro para sa mga awtomatikong abiso.

Gaya ng ipinahihintulot ng RCW 36.28A.410, ang WA VINE Protective Order ay isang awtomatikong serbisyo na nagpapahintulot sa iyo, ang petisyonaryo, na subaybayan ang lagay ng utos ng proteksyon sa telepono o internet. Puwede ka ring magparehistro para maabisuhan sa pamamagitan ng telepono at email tungkol sa mga pagbabago sa lagay ng utos ng proteksyon. Kung nagparehistro ka para sa notipikasyon, makakatanggap ka ng mahahalagang notipikasyon kaugnay ng lagay ng pagsisilbi sa iyong utos ng proteksyon, isang babala ng pagkawala ng bisa sa loob ng 90 araw, at notipikasyon kung tinangka ng nasasakdal sa iyong utos na bumili/maglipat ng baril habang pinagbabawalan siya at hindi inaaprubahan.

Para ma-access ang impormasyon ng nagpoprotektang utos, tumawag sa 1-877-242-4055 o bumisita sa www.registervpo.com.

### Huwag lamang umasa sa WA VPO para sa iyong kaligtasan. Kung sa palagay mo ay nanganganib ka, tumawag sa 9-1-1.